HALAW SA KATITIKAN NG IKA–51 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-31 NG HULYO 2023 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE, SB MEMBER / Pansamantalang Nangungulong Pinuno

Kgg. Milbert L. Oliveros, Pang. Punumbayan;
Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President; at
Kgg. Hyra Jane A. Valdopeñas, SKF President;

HINDI DUMALO: "WALA"

## KAPASIYAHAN BLG. 253 - 2023

**KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIDALAMHATI AT NAGPAPAABOT NG PAKIKIRAMAY SA PAMILYA NG YUMAONG DATING KONSEHAL NG BAYAN IRENEO RAMOS CABUHAT.**

**May Akda : SB ROMEL J. VILLANUEVA**
*Tagapangulo, Lupon ng Edukasyon, Batas at Mga Usaping Legal*

**SAPAGKAT,** si **KGG. IRENEO R. CABUHAT,** isang ulirang asawa at ama sa kanyang mga anak, ay inilaan ang kanyang panahon at sipag na mabigyan ng maayos na pamumuhay at de-kalidad na edukasyon ang kanyang mga anak, na sa kalukuyan ay pinakikinabangan na ng kani-kanilang pamilya at nagbigay sa kanila ng magandang buhay;

**SAPAGKAT,** si **KGG. IRENEO R. CABUHAT,** bilang isang serbisyo publiko at masipag na lingkod-bayan na ipinagkaloob ang kanyang dedikasyon bilang Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, noong taong 1988-1992 ay nagsilbing magandang halimbawa sa ating mga kababayan, nag-ambag ng kanyang talino , upang makapaglingkod ng tapat at mahusay hindi lamang sa kanyang pamilya at maging sa mga mamamayang Cavintiin;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni SB Romel J. Villanueva, na pinangalwahan at buong pagkakaisang, sinang-ayunan ng lahat ay

**IPINASIYA,** gaya nang ngayon ay ginagawang PAGPAPASIYA, na NAGPAPAABOT ng PAKIKIDALAMHATI ang LAHAT NG MGA PINUNO AT KAWANI ng Lokal na Pamahalaan ng Cavinti, Laguna, sa maagang pagyao ng dating KONSEHAL IRENEO R. CABUHAT, na ang kanyang ala-ala ay

ARRANLEE R. ARROYO
Punumbayan

HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
SB Member

NANETTE W. JUAREZ
Bookbinder III

mananatili sa puso at isipan sa mahabang panahon na siya naglingkod sa bayan ng Cavinti, Laguna;

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito, ang Pamilya at/o kaanak ng yumaong dating Konsehal **IRENEO R. CABUHAT**, para sa kanilang kaalaman at kaukulang tala.

**PINAGTIBAY.** HULYO 31, 2023.

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-51 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-31 ng Hulyo, 2023

**NANETTE V. JUAREZ**
Acting SB Secretary

SINANG-AYUNAN:

**HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE**
SB MEMBER/Nangulong Pinuno

PINAGTITIBAY:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Punumbayan